

RESCINDED

responsibilidad na kaagad gumawa ng mga epektibong hakbang para makatugon sa sekswal na karahasan ayon sa mga kinakailangan sa Title IX. Sa sulat na ito, ang ibig sabihin ng sekswal na karahasan ay ang mga pisikal na aktong sekswal na ginawa laban sa isang tao o sa tao na walang kakayanang magbigay ng pahintulot. Maraming akto ang bumabagsak sa kategorya ng sekswal na karahasan, kasama na ang panggagahasa, sekswal na pag-atake, sekswal na pag-aabuso, at sekswal na pamimilit.

Ano ang ginagawa ng DCL?

- Nagbibigay ng gabay tungkol sa mga natatanging usapin na lulutang sa mga kaso ng sekswal na karahasan, tulad ng papel ng mga imbestigasyon ng kriminal at ang malayang responsibilidad ng paaralan na mag-imbestiga at tumugon sa sekswal na karahasan.
- Nagbibigay ng gabay at mga halimbawa ng mga mahahalagang kinakailangan na sakop ng Title IX at kung ano ang kaugnayan ng mga ito sa sekswal na karahasan, tulad ng mga kinakailangan sa paglalathala ng patakaran laban sa sekswal na diskriminasyon, pagtatalaga ng koordineytor para sa Title IX, at pagtatakda at paglalathala ng mga pamamaraan para sa pagdinig.
- Tinatalakay ang mga gawain ng mga paaralan upang maiwasan ang sekswal na karahasan.
- Tinatalakay ang mga kuneksyon sa pagitan ng Title IX, FERPA, at ng Clery Act⁷ kung paano ito nakaugnay sa karapatan ng nagrereklamo na malaman ang kinalabasan ng kanyang reklamo, kasama ang mga nararapat na parusa na kinakaharap ng maysala.
- Nagbibigay ng mga halimbawa ng mga solusyon at mga estratehiya para sa pagpapatupad na maaaring gamitin ng mga paaralan at ng Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (Office of Civil Rights) upang tumugon sa sekswal na karahasan.

Anu-ano ang mga obligasyon ng paaralan sa ilalim ng Title IX tungkol sa sekswal na karahasan?

- Sa oras na malaman ng paaralan o magkaroon ang paaralan ng kaukulang kaalaman tungkol sa posibleng pangyayari ng sekswal na karahasan, kailangang gumawa agad ito nang mabilis at angkop na aksiyon upang imbestigahan o sa anupaman ay alamin kung ano ang nangyari.
- Kung nangyari ang sekswal na karahasan, kailangang gumawa ang paaralan ng mga mabibilis at epektibong hakbang upang tapusin ang sekswal na karahasan, pigilan ang pag-ulit nito, at tugunan ang mga epekto nito, sumasailalim man ang sekswal na karahasang ito o hindi sa isang kriminal na imbestigasyon.
- Ang paaralan ay kailangang gumawa ng mga hakbang upang protektahan ang nagrereklamo kung kinakailangan, kasama ang mga pansamantalang hakbang na gagawin bago ang pinal na kinalabasan ng imbestigasyon.
- Ang paaralan ay kailangang maglaan sa mga estudyante ng mga paraan sa pagdinig tungkol sa sekswal na diskriminasyon, kasama ang mga reklamo ukol sa sekswal na karahasan. Dapat isama sa mga pamamaraang ito ang pantay na pagkakataon para ang dalawang tao ay makapagharap ng mga saksi at iba pang mga katibayan at ang parehong karapatan para sa pag-apela.
- Ang mga pamamaraan ng paaralan para sa pagdinig ay kailangang gumamit ng "preponderance of evidence" o sapat na bilang ng katibayang iniharap laban sa inireklamo bilang batayan nang pagdesisyon sa mga reklamo tungkol sa sekswal na diskriminasyon.
- Ang paaralan ay kailangang magbigay ng pasabi sa dalawang partido ukol sa kinalabasan ng reklamo.

Paano ako makakahingi ng tulong sa OCR?

⁷ Ang Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA) ay nasa 20 U.S.C. Sec. 1232g, at ang Jeanne Clery Disclosure of Campus Security and Campus Crime Statistics Act (Clery Act) ay nasa 20 U.S.C. Sec. 1092(f).

